
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN III



## MODYUL 3

Ang Mga Unang Kabihasnan

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 3**

**ANG MGA UNANG KABIHASNAN**

Sa naunang modyul, natuklasan mo kung paanong ang heograpiyang pisikal ay naging bahagi ng paglinang ng tao ng sinaunang kabihasnan. Sa sinaunang panahon din natuklasan ng tao ang gamit ng apoy, paggamit ng bato at metal, pagtatanim, pangangaso, pagbasa, at pagsulat.

Sa modyul na ito, pagtutuunan mo ng pag-aaral kung paano nabuo ang mga unang pamilya, pamayanan, bayan, lungsod, kaharian o imperyo, at relihiyon. Ito ang mga bumubuo ng mga unang kabihasnan.

May apat na araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Unang Kabihasnan sa Mesopotamia
- Aralin 2: Kabihasnan sa Sinaunang Ehipto
- Aralin 3: Kabihasnan sa Sinaunang India
- Aralin 4: Kabihasnan sa Sinaunang Tsina

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Matatalakay ang heograpiyang pisikal sa pagyabong ng mga unang kabihasnan;
2. Maipaliliwanag ang pagsulong ng mga unang kabihasnan sa Asya (Sumer, Mesopotamia, India, Tsina, at Aprica); at
3. Mapahahalagahan ang kontribusyon sa daigdig ng mga unang kabihasnan.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Suriin at ibigay ang tamang kasagutan. Bilugan ang titik.

1. Mahalaga ito sa buhay ng sinaunang tao:
   A. ilog C. bag
   B. damit D. sapatos

2. Ang lunday ng sibilisasyon na hugis arko o kalahating buwan:
   A. Tsina C. Ilog Nile
   *B. Fertile Crescent* D. India

3. Ang dala ng baha na nagsisilbing pataba sa mga tanim:
   A. dumi ng hayop C. banlik
   B. lupa D. puno

4. Ang sistema ng panulat ng mga Sumerian:
   A. Hammurabi C. Minos
   B. Calligraphy D. Cuneiform

5. Ang nagtataglay ng 232 batas at parusa sa mga lumalabag:
   A. Kodigo ni Kalantiaw
   B. Kodigo ni Hammurabi
   C. Kasunduan sa Paris
   D. Kasunduan sa Malolos

6. Ang pinakamahalagang ambag ng mga Assyrian sa kabihasnan ng daigdig:
   A. Aklatan C. Pamahalaan
   B. Pomalan D. Tao

7. Ang pagpapangkat-pangkat ng tao sa lipunang Asya:
   A. Caste B. Barter

C. Veda D. Luwad

8. Ang uri ng pagsulat ng mga Tsino na ginagamitan ng mga pictogram:
   A. Cuneiform C. Argon
   B. Hammurabi D. Calligraphy

9. Ang ibinibigay na eksamin sa mga naglilingkod sa pamahalaan:
   A. Calligraphy C. Cuneiform
   B. Hiroglipiko D. Civil Service

10. Ang libingan ng hari sa Ehipto:
   A. Hanging Garden C. Memorial Park
   B. Dome D. Pyramide (*Pyramid)*

11. Ang mabagsik ngunit mahusay na hari ng Babylonia:
   A. Hammurabi C. Minos
   B. Buddha D. Phoenician

12. Ang nagpatayo ng unang aklatan na may tabletang luwad:
   A. Tsina C. Nebuchadnezzar
   B. Ashurbanipal D. Khufu

13. Ang nagpagawa sa Hanging Garden of Babylon:
   A. Ashurbanipal C. Nebuchadnezzar
   B. Charaka D. Buddha

14. Karamihan sa mga sinaunang sibilisasyon ay isinilang sa mga:
   A. Lambak-ilog C. Tabing-dagat
   B. Kabundukan D. Tabing-ilog

15. Alin sa mga ito ang hindi kabilang sa pangkat?

A. Ehipto-Nile
B. India-Indus
C. Tsina-Yangtze-Huang Ho
D. Ganges-Aztec Indies

16. Ang pagtakas ng mga Hebreo sa Ehipto ay tinaguriang:
   A. Exodus
   B. Hegira
   C. Paglikas
   D. Pagtakas

17. Susi ng kasaysayan ng Ehipto ang bato ng Rosetta. Sa Mesopotamia naman ay ang:
   A. Behistan Rock
   B. Book of History
   C. Nihonji
   D. Old Testament

18. Nakatuklas ang mga Hittite ng bakal dahil sa paghahanap ng matigas na metal upang gawing ______.
   A. armor
   B. araro
   C. kagamitan
   D. kasangkapan

19. Ang pinakamahalagang ambag ng mga Phoenician sa kabihasnan ay ang:
   A. alpabeto
   B. marex
   C. kalakal
   D. kasangkapan


20. Ang grupo ng taong pinaniniwalaang unang nanirahan sa India at nagtatag ng Mohenjo-Daro at Harappa:
   A. Dravidian
   B. Aryan
   C. Shiite
   D. Hittite

**ARALIN 1**

**MGA UNANG KABIHASNAN SA MESOPOTAMIA**



Maglalakbay tayo sa nakaraan tatahakin natin ang landas ng mga sinaunang tao sa tinatawag na *Fertile Crescent* at Mesopotamia tulad ng mga Sumerian, Babylonian, Hittite, Hebreo, Phoenician, Assyrian, at Chaldean. Mamamangha ka sa mga piramide na itinayo ng mga paraon sa Ehipto. Matutuklasan mo ang unang kabihasnan ng Mohenjo-Daro at Harappa sa India. Matututuhan mo ang paraan ng mga sinaunang Tsino sa Tsina at matutuklasan mo ang mga lihim ng iba pang sibilisasyong itinatag sa Aprica.



Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Maipaliliwanag ang kahalagahan ng heograpiya sa kasaysayan;
2. Maiuugnay ang heograpiyang pisikal sa paglinang ng mga unang kabihasnan;
3. Matatalakay ang pagsulong ng kabihasnang Mesopotamia mula sa mga unang sentro ng kabihasnan; at
4. Masusuri ang kontribusyon ng mga unang kabihasnan sa kultura ng daigdig.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Kapag narinig mo ang salitang Mesopotamia, ano ang pumapasok sa iyong isipan?

B. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong natatandaan tungkol sa mga unang kabihasnan? Subukan mong isulat sa mga patlang ang mga naiisip mo.

## Mga Unang Kabihasnan sa Mesopotamia

May walong kabihasnan na unang nagtayo ng panahanan sa Mesopotamia. Ang mga ito ay Sumeria, Babylonia, Hittite, Assyria, Hebreo, Phoenicia, Persia, at Chaldea. Pawang may pamana sa kabihasnan ang bawat isa sa mga pangkat na ito.

Sa talahanayang sumusunod ay ipinakikita ang buod ng mga ambag sa kabihasnan at ang mga sanhi ng pag-unlad at pagbagsak ng mga Sumerian, Babylonian, Hittite, Assyrian, at Chaldean. Pag-aralan mo ang bawat isa.

| KABIHASNANG SUMERIAN | |
|---|---|
| Mga Ambag sa Kabihasnan | Sanhi ng Pag-unlad at Pagbagsak |
| ➢ Mga Imbensyon:<br>1. *Cuneiform* – unang nabuong sistema ng panulat. Isa itong uri ng pictograph na naglalarawan ng mga bagay na ginagamitan ng may 600 pananda sa pagbubuo ng mga salita o ideya<br>2. Gulong – sa pagkakatuklas nito, nagawa nila ang unang karwahe<br>3. Cacao – ginamit bilang unang pamalit ng kalakal<br>*4.* *Algebra* – sa prinsipyong ito ng matematika, ginamit ang sistema ng pagbilang na nakabatay sa 60, paghahati o *fraction*, gayundin ang *square root*<br>*5.* Kalendaryong lunar na may 12 buwan<br>*6. Dome, vault, rampa, at ziggurat* – mga disenyong pang-arkitektura at pang-inhinyera na | **Pag-unlad:**<br>➢ Malaki ang naitulong ng maraming imbensyon sa pagtatag at pag-unlad ng kabihasnang Sumer. Ang mga imbensyong ito ay nagpaunlad sa pagsasaka, kalakalan, at iba pang mga industriya na nagpaunlad din sa lipunang Sumerian sa pangkalahatan.<br>➢ Naitatag ang mga lungsod-estado na lubos na nakatulong sa pagtatag ng pamahalaan at pagpapalakas sa mga Sumerian bilang isang pangkat.<br>➢ Nakatulong nang malaki ang edukasyon sa pagiging bihasa ng mga mamamayan sa halos lahat ng aspeto ng pamumuhay, mula kalakalan hanggang astrolohiya.<br>**Pagbagsak:**<br>➢ Panguanahing dahilan ng paghina ng mga Sumerian ay ang madalas |

| | |
|---|---|
| ginamit sa mga palasyo at templo sa Sumer<br>*7.* Luwad – ginamit sa paggawa ng laryo na nagsilbing talaan ng mga Sumerian<br>*8.* Prinsipyo ng *calculator*<br>➢ Iba pang mga ambag sa kabihasnan:<br>1. Mga Sumerian din ang unang gumamit ng sistema ng panukat ng timbang at haba.<br>2. Unang nagtatag ng organisadong puwersa sa pagtatayo ng mga dike.<br>3. Mga Sumerian din ang nakatuklas sa agham ng pag-oopera.<br>4. Unang gumamit ng hayop sa pag-aararo ng mga bukid. | na labanan at kawalan ng pagkakaisa ng mga lungsod-estado nito. Madalas na pinagtatalunan ang patubig at hangganan ng mga lupain. |

| KABIHASNANG BABYLONIAN | |
|---|---|
| Ambag sa Kabihasnan | Sanhi ng Pag-unlad at Pagbagsak |
| ➢ Kodigo ni Hammurabi – binubuo ng 282 batas na nagsisilbing pamantayan ng kabihasnang Babylonian. Sakop ng Kodigong ito ang mga itinuturing na paglabag sa karapatan ng mga mamamayan at mga ari-arian nito; usapin sa kalakal, lupa, butaw, serbisyong propesyunal; at pamilya. Nakatala rin ditto ang mga parusang dapat na ipataw sa mga nagkasala tulad ng kamatayan, mutilasyon, at iba pa na itinuturing na malupit sa kasalukuyang panahon. Naglalarawan ang mga batas na ito ng isang organisadong lipunan. | **Pag-unlad:**<br>➢ Maayos ang pagpapalakad ng pamahalaan, lalo na sa panahon ni Hammurabi.<br>➢ Nagdulot ng katiwasayan sa lipunan ang pakikipagtulungan ng mga mababang opisyal ng pamahalaan, sundalo, at huwes sa hari.<br>➢ Nagpatatag sa lipunan at pamahalaan ang Kodigo ni Hammurabi. Nakatulong ito sa pag-unlad ng halos lahat ng aspeto ng buhay ng mga Babylonian.<br>**Pagbagsak:**<br>➢ Paglusob ng mga Kassite, isang tribong Indo-Europeo. Sinundan ito ng mga Hittite na may higit na mahusay na armas na gawa sa bakal. |

| KABIHASNANG HITTITE | |
|---|---|
| Ambag sa Kabihasnan | Sanhi ng Pag-Unlad at Pagbagsak |
| ➢ Pagkakatuklas ng bakal. Nanatiling lihim sa loob ng 200 taon ang kaalaman ng mga Hittite sa paggawa ng mga sandata mula sa bakal. Natuklasan lamang ito ng ibang pangkat sa rehiyon nang masakop at tuluyang bumagsak ang mga Hittite noong 1200 B.C.<br>➢ Pagkilala at paggalang sa iba't ibang wika<br>➢ Pagkakaroon ng titulo ng lupa at mga talaan nito<br>➢ Pag-imbentaryo ng mga lupain at pananim na naging batayan ng pagbubuwis ng ari-ariang kaugnay sa lupa<br>➢ Pagtatayo ng mga istruktura na ginagamit bilang sandigan at tanggulan<br>➢ Paglililok ng mga diyos, diyosa, at mga halimaw na may pakpak | **Pag-unlad:**<br>➢ Pangunahing dahilan ng kanilang pag-unlad bilang isang pangkat ay ang pagkakatuklas nila ng bakal. Superior na mga sandata ang kanilang nagawa mula sa bakal na naging dahilan ng mabilis nilang pananakop sa ibang mga lupain.<br>➢ Nakatulong nang malaki sa kanilang pag-unlad ang kanilang sistema ng pagbabatas. Hindi ito kasing-lupit ng mga batas ni Hammurabi subalit naging maayos ang pagpapatakbo ng imperyo na nagbigay-daan sa pag-unlad ng kalakalan nito.<br>**Pagbagsak:**<br>➢ Maraming pribilehiyo ang mga kamag-anak ng hari na kadalasang naaabuso.<br>➢ Pakikipag-alyansa ng mga Hittite sa mga Egyptian na naging dahilan ng paghihimagsik ng mga kaalyado nito sa silangan at kanlurang bahagi ng imperyo. Salik din dito ang paglawak ng kapangyarihan ng mga Griyego na nagbunsod sa pagdating ng mga tribo mula sa palibot ng Dagat Aegean sa hilagang bahagi ng Imperyong Hittite. Isa sa mga tribong ito, ang mga Mitas ng Phyrrgia, ay lumusob at sinunog ang Hattusas noong 1200 B.C.<br>➢ Nanatiling nakatayo ang ilang mga lungsod-estado ng mga Hittite nang 500 taon. Naitatag ang Carchemish bilang kabisera sa silangan. Ngunit nasakop ito noong 717 B.C. ni Sargon II ng Assyria. Ito ang naging hudyat ng |

| | |
|---|---|
| | pagwawakas ng pamahalaang Hittite sa Mesopotamia. |

| KABIHASNANG ASSYRIAN | |
|---|---|
| Ambag sa Kabihasnan | Sanhi ng Pagbagsak |
| ➢ Ang mga Assyrian ang kauna-unahang pangkat na nakabuo ng epektibong sistema ng pamumuno sa imperyo. Kinopya ng ibang pangkat sa Malapit na Silangan ang pamamalakad ng Imperyong Assyrian.<br>➢ Kauna-unahang aklatan na may 200,000 tabletang luwad na itinayo ni Ashurbanipal. | ➢ Ang patuloy na pag-aalsa ng mga lungsod tulad ng Media at Babylonia na nasakop ng Assyria ay nakapagbawas nang malaki sa yaman ng Assyria at nagpahina sa hukbo nito.<br>➢ Nagkaisa ang mga Chaldeans, Medes, at Persiano noong 612 B.C. upang pagtulungang salakayin ang Assyria. |

| KABIHASNANG CHALDEAN | |
|---|---|
| Ambag sa Kabihasnan | Sanhi ng Pag-unlad at Pagbagsak |
| ➢ Ang *Hanging Gardens of Babylon* ang isa sa pinakanakakahangang tanawin sa sinaunang panahon.<br>➢ Ang mga Chaldeans ang luminang ng konsepto ng *zodiac* at *horoscope*. | **Pag-unlad:**<br>➢ Ang pamumuno ni Haring Nebuchadnezzar ang nagdala sa mga Chaldean sa rurok ng tagumpay. Pumili siya ng matatalinong kabataan mula sa mga sinakop na lupain upang maging katulong niya sa pamumuno.<br>**Pagbagsak:**<br>➢ Tanging si Nebuchadnezzar II lamang ang naging malakas na hari ng mga Chaldean. Sa kanyang pagkamatay, mahihinang hari na ang namuno sa Chaldean. Sa karangyaan, kasaganaan, at kasayahan lamang sila nakatuon. Hindi nila napatatag ang ekonomiya, pulitika, at sandatahan. Nang lumusob ang mga Persiano noong 529 B.C. mabilis na nagapi ang mga Chaldean na naging simula ng pagbagsak ng imperyo nito. |

## Katangiang Pisikal ng mga Unang Kabihasnan

Sa mga nabasa mo tungkol sa mga sinaunang kabihasnan, mapapansin mong halos sabay-sabay na umunlad ang mga sibilisasyong iyon sa kapatagan ng mga Ilog Tigris-Euphrates, Indus, Yangtze, at Nile. Ang mga ilog ang nagsilbing daanan ng mga kalakal at mga tao noong sinaunang panahon.

## Ang Fertile Crescent at ang Kambal na Ilog

*Fertile Crescent*, isang pambihirang pangalan ng pook. Saan nagmula ang pangalang ito at sadyang kakaiba kaysa mga pangalan ng pook na nakasanayan na nating marinig? Kung papansinin natin ang mapa, mapupuna ang makitid na istrip na hugis-arko. Nagsisimula ito sa Isthmus ng Suez, tuloy-tuloy pahilaga at bumabaybay sa dulong silangan ng Dagat Mediterranean habang bumubuo ito ng hugis-arko patungo sa mataas na bahagi ng mga lupain sa Asya Minor at Armenia. Unti-unti itong kumukurba patimog-silangan habang bumabagtas sa mga Ilog Tigris at Euphrates hanggang sa Golpo ng Persia. Ang matabang mga ilog-lambak na ito na hugis kalahating buwan ang tinawag na *Fertile Crescent*.

Kakaiba ang galaw ng kasaysayan sa *Fertile Crescent*. Habang pinanirahan ng mga tao ang ibang lupain mula pa sa kanilang ninuno na nanatili roon kahit na sakupin ng ibang grupo ng tao, pinanahanan ang *Fertile Crescent* ng mga tribong huling nanakop nito. Habang malakas ang pamahalaan ng mga taong pansamantalang nakatira roon, nakasisiguro ang mga mamamayan na mananatili sila *Fertile Crescent*. Subalit kapag nanghina na sila, mayroon namang tribong sasalakay hanggang mapaalis o gawing alipin ang mga dating nakatira roon.

Pinagyaman at nilinang ang lupain ng *Fertile Crescent* ng ilang malalaking ilog, kasama na rito ang Tigris at Euphrates na tinaguriang Kambal na Ilog.

Nagsimulang dumaloy ang mga ilog Tigris-Euphrates mula sa mga kagubatan ng Armenia. Ang Ilog Tigris na nasa silangang bahagi ay umaagos nang 1771 km. patungong Golpo ng Persia samantalang ang Euphrates na nasa kanlurang bahagi ay

bumabagtas sa 2737 km. bago umabot sa Golpo ng Persia. May mga pook kung saan magkakalapit ng halos 32.2 km. ang pagitan ng mga Ilog Tigris at Euphrates. Pagkatapos, unti-unti itong aagos nang papalayo sa isa't isa.

**Mesopotamia: Lupain sa Pagitan ng Dalawang Ilog**

Nagmula sa mga Griyego ang pangalang Mesopotamia na ang ibig sabihin ay "lupain sa pagitan ng mga ilog".

Mataba ang lupa sa Mesopotamia. Naghatid ng maraming biyaya at kayamanan sa mga tao roon ang mga tabing-ilog, matapos nilang matutunang patuyuin at pagyamanin ang mga ito. Noong 5000 B.C., sari-saring pagkain ang naani ng mga tao rito tulad ng trigo, barley, mga bungang-kahoy, peach, dates, nuts, at maraming uri ng gulay. Masagana rin ang Mesopotamia sa mga luntiang damuhan kung kaya nag-aalaga ang mga tao rito ng mga baka, tupa, kambing, at baboy.

Kulang ang Mesopotamia sa bato at mga puno para gawing torso upang magamit sa pagtatayo ng mga bahay at gusali. Bilang pamalit sa troso at bato, ginamit ng mga tao ang putik upang gawing laryo para sa mga tahanan at gusali. Pinunuan naman ng mga balat ng tupa at iba pang hayop upang gawing damit ang kawalan ng hibla upang gawing tela.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Subukan mo kung natatandaan mo ang kasagutan sa mga sumusunod na tanong.

1. Anong lugar ang nakikita mo sa gawing hillaga ng Golpo ng Persia? Ano ang hugis nito?
2. Ano ang dalawang kambal na ilog na matatagpuan sa lupain ng Mesopotamia? Bakit tinawag ang mga itong kambal na ilog? Saan umaagos ang mga nasabing ilog?




**Tandaan Mo!**

- Ang magandang heograpiya ay may malaking ambag sa pag-unlad ng kasaysayan at kabihasnan ng bansa. Ang mga ilog Indus, Yangtze, Nile, at kambal na ilog na Tigris at Euphrates, ang hugis kalahating buwan o *Fertile Crescent* sa tabi ng mga ilog, at matatabang lupain ang tumulong upang mapagyabong ang mga unang kabihasnan.
- Walo ang kabihasnang unang nagtayo ng panahanan sa Mesopotamia at nakinabang sa magandang katangian ng heograpiya nito: Sumerian, Babylonian, Assyrian, Hittite, Hebreo, Phoenician, Persian, at Chaldean.

**Gawain 3: Paglalapat**



Subukang tandaan ang mga dahilan ng pag-unlad at pagbagsak ng bawat kabihasnan sa Mesopotamia. Isulat sa ikalawang puwang ng gulong ang dahilan ng pag-unlad at sa panghuling puwang ang dahilan ng pagbagsak ng mga kabihasnang tinalakay sa aralin.




**ARALIN 2**

**KABIHASNAN SA SINAUNANG EHIPTO**



Sa araling ito, tutuklasin naman natin ang naging kontribusyon ng sinaunang Ehipto sa kabihasnan ng daigdig. Anu-ano ang sumasagi sa iyong isipan kapag narinig mo ang Ehipto? Alamin mo kung bakit naging maunlad ang sinaunang Ehipto.



Matapos ang Araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang kahalagahan ng Ilog Nile sa sinaunang Egypt;
2. Maipaliliwanag ang pinakamahalagang pamana ng bansang Ehipto sa daigdig; at
3. Matatalakay ang mga naiambag at mahalagang nagawa ng mga pinunong naghari sa bansang Ehipto.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Noong panahon ng mga Kastila, naging mahalaga ang Ilog Pasig sa pagyaman ng Maynila. Ano ang kahalagahan ng mga ilog sa kabihasnan?

Pagkatapos mo itong sagutin, pag-isipan mo rin kung ano ang kahalagahan ng Ilog Nile sa Ehipto.

**Kabihasnan sa Sinaunang Ehipto**

Nakalatag ang Ehipto sa mainit na lupain ng Aprica at halos binubuo ng disyerto maliban sa mga oasis. Dahil sa Ilog Nile, nagkaroon ng pag-asa ang mga taga-Ehipto na ang kanilang lupain ay magbibigay-buhay. Isa pang mahalagang aspeto ng Ilog Nile

ay ang hanging umiihip ditto na tinatawag na Hanging Extensian. Ito ang hangin na nanggagaling sa Dagat Mediterranean at umiihip patimog at pasalungat sa agos ng ilog. Ito ang nagpapalamig sa kabuuan ng lupain. Dahil sa magandang klima at matabang lupa, umunlad ang sinaunang sibilisasyon ng Ehipto.

Basahin mo at unawain ang buod ng kasaysayan ng Ehipto at ng iba't ibang aspeto ng kabihasnan nito: pamahalaan, lipunan at kultura, ekonomiya, at mga ambag sa kabihasnan ng daigdig.

**Pamahalaan:**

***Lumang Kaharian (2686 B.C. – 2181 B.C.)***

- Tinawag itong panahon ng piramide. Sa panahong ito nagsimula ang pagtatayo ng mga piramide sa Ehipto na nagsilbing libingan ng mga paraon.
- Hindi malinaw kung ilan at sinu-sino ang mga namuno. Gayunpaman, ang ilan sa mga tanyag na paraon noong panahong iyon ay ang sumusunod.

1. *Zoser (2750 B.C.)* – sa panahon niya itinayo ang kauna-unahang piramide sa Ehipto, ang step pyramid na may anim na patung-patong na mastaba noong 2780. Idinesenyo ni Imhotep, ang punong tagapayo ni Zoser at isang magaling na arkitekto.
2. *Khufu o Cheops (2650)* – sa kanyang panahon itinayo ang *Great Pyramid* sa Giza na itinuturing na isa sa *Seven Wonders of the Ancient World*. Sa sukat na 70 metro kwadrado ang base at 147 talampakan ang taas, ito ang pinakamalaking istruktura na itinayo ng tao.
3. *Unis* – sa piramide niya natagpuan ang *Pyramid Texts* o ang kalipunan ng *Hieroglyphics* na naglalarawan ng mga tradisyon ng paglilibing sa paraon at ang kanyang kahahantungan sa kabilang buhay.

***Gitnang Kaharian (1991 B.C. – 1786 B.C.)***

- Pinamunuan ng 14 na paraon na ang mga pinakamahalaga ay ang sumusunod:

1. *Amenemhet I (1991-1962 B.C.)* – Binuo niyang muli ang Ehipto mula sa kaguluhan na namayani pagbagsak ng Lumang Kaharian. Binuhay niya ang pakikipagkalakalan sa Palestina at Syria.

2. *Amenemhet III (1842-1797 B.C.)* – Siya ang nagpagawa ng sistema ng irigasyon sa Faiyum na ginagamit pa hanggang ngayon.

***Bagong Kaharian (1570-1090 B.C.)***

- Itinuturing na Panahon ng Imperyo dahil ditto nagsimula ang pananakop ng mga sinaunang Ehipsyano. Pinamunuan ng 33 paraon na ang mga may mahalagang ambag ay ang sumusunod.

1. *Ahmose* – itinaboy ang mga Hyksos palabas ng Ehipto at sinimulan ang Bagong Kaharian. Itinatag niya ang kauna-unahang magaling na hukbong pandigma gamit ang natutuhan mula sa mga Kyksos.
2. *Thutmose II (1512 B.C.)* – idinagdag sa imperyo ang Nubia, Syria, at Palestina.
3. *Hatshepsut* – asawa ni Thutmose II; unang babaing namuno sa daigdig; nagpatayo siya ng mga templo at nagpaigting ng masiglang kalakalan kaysa pananakop ng lupain.
4. *Thutmose III* – itinuturing na magaling na mandirigma; napalawak ang imperyo hanggang sa mga baybayin ng Euphrates. Nagpatayo siya ng magagarang templo sa panahong ito. Ang pinakamagara ay ang mga templo sa Kamak at ang apat na Obelisk na kinauukitan ng mga tagumpay niya.
5. *Amenhotep IV o Ikhnaton (1300 – 1358 B.C.)* – nagpasimula ng monoteismo o pagsamba sa iisang diyos, Aton, na itinuturing niyang pinakamataas at pinakamagaling.
6. *Tutankhamen (1358 – 1353 B.C.)* – ang kanyang piramide ang itinuturing na pinakamahalagang labi ng sinaunang kabihasnan ng Ehipto dahil kumpleto ang laman nito nang matuklasan. Ibinalik niya ang polyteismo o paniniwala sa maraming diyos sa panahon niya.
7. *Rameses II (1304 -1237 B.C.)* – Ipinagtanggol niya ang imperyo laban sa mga sumasalakay na Hittite mula sa Gitnang Asya. Nag-iwan siya ng maraming sariling monumento.

**Lipunan at Kultura:**

- Sumasamba sa mga diyos at diyosa tulad nina Amn Re, diyos ng araw; Osiris, diyos ng Nile; Isis, asawa nito; at iba pa.
- May apat na uri ng tao sa lipunan: ang mga maharlika, pari, at pantas; mga sundalo; mga karaniwang mamamayan; at mga alipin.
- Naniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan na pinagmulan ng dalawa sa dakilang pamana nila sa kabihasnan, ang pag-eembalsamo at ang piramide.
- Umusbong ang gitnang uri ng tao sa lipunan sa panahon ng Gitnang Kaharian.

**Ekonomiya:**

- Dalubhasa sa mga gawang-kamay ang mga sinaunang Ehipsyano. Sila ay mga platero, manggagawa ng palayok, manghahabi, at karpintero.
- Pagsasaka at pagpapastol ang mga pangunahing hanapbuhay. Nagtanim sila ng barley, trigo, at mga gulay. Nagmina rin sila ng tanso at ginto.
- Nagkaroon ng palitan ng kahoy na cedar mula sa Phoenician at olive oil mula sa Crete para sa flax, papyrus, inasnang isdang alabaster at ginto ng Ehipto. Ang kalakalang ito ay nagdala ng karangyaan sa mga mangangalakal.
- Nagkaroon ng bugso ng pagtatayo ng mga kanal at daan.
- Mga ani at paglilingkod ang uri ng buwis na kinokolekta mula sa mga mamamayan.

**Sanhi ng Pagbagsak:**

***Lumang Kaharian:***

- Pag-aalsa ng mga mamamayan laban sa mataas na buwis.
- Mahina at walang kakayahan sa pamumuno ang mga sumunod na hari.

***Gitnang Kaharian:***

- Pag-aalsa ng mga maharlikang galit sa mga pribilehiyo ng mga bagong-yaman na gitnang uri.
- Pagsalakay ng mga Hyksos mula sa Arabia at Syria noong 1700 B.C.


***Bagong Kaharian:***

- Pagpapabaya sa ekonomiya ng kaharian.
- Pagsalakay ng mga Hittite sa mga kolonya ng Ehipto na nagdulot ng pagkawala ng mga buwis ni kinukolekta mula rito.
- Pag-aalsa sa loob ng kaharian.
- Pagsakop ng mga Assyrian noong 570 B.C., ng mga Persiano noong 525 B.C., at ni Alexander the Great ng Macedonia noong 332 B.C.

**Ambag sa Kabihasnan:**

- Ang kalendaryo na may 365 araw sa isang taon na hinati sa 12 buwan ay mula sa mga sinaunang Ehipsyanong astronomo noong 424 B.C. Ginawa nila ito upang masubaybayan ang paghaba ng Nile.
- Nabuo ang sistemang panulat ng mga sinaunang Ehipsyano na tinawag na *hieroglyphics* o hiroglipiko noong 3000 B.C. Ito ay binubuo ng mga salitang *hiero*, isang salitang Griyego na nangangahulugang sagrado o banal, at *glype* na ang ibig sabihin ay paglililok. Unang ginamit ng mga pari sa mga ritwal ang hiroglipiko. Binubuo ito ng mga ideogramo at ponogramo. Mayroon itong 24 simbolo at ang bawat isa ay may tig-isang titik ng katinig. Bukod sa 24 simbolo, mayroon pang 80 simbolo na may tig-dalawang katinig.
- Ang mga piramide ang kauna-unahang monumentong bato na nananatili pa hanggang sa kasalukuyan. Ang pinakamalaking piramide ay ang piramide ni Khufu o Cheops na nasa Giza.
- Ang pagkakaimbento ng papel mula sa dahon ng halamang papyrus ay nagmula rin sa mga sinaunang Ehipsyano.
- Ang *mummification* o proseso ng pag-eembalsamo ay nagsimula noong 2600 B.C. sa ilalim din ng pamumuno ni Khufu. Natagpuan ang pinakalumang *mummy* sa Medum ni Sir Flinders Petrie na tinatayang inembalsamo noong panahong iyon.
- Ang mastaba ay mga naunang bersyon ng piramide. Una itong itinayo sa panahon ni Haring Djer noong 2900 B.C.
- Naimbento rin ang araro sa panahong ito.

- Pagtatayo ng malaking imbakan ng tubig na tinawag na faiyum na nagtustos ng tubig sa panahon ng tagtuyot. Ginagamit pa rin hanggang ngayon ang sistemang ito ng irigasyon.
- Amarna art noong panahon ni Ikhnaton na nagpapahalaga sa pagiging makatotohanan ng mga bagay na inilalarawan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Punan ang sumusunod na talahanayang nagpapakita ng mga naging pinuno ng bawat kaharian at ang nagawa ng bawat isa. Sino para sa iyo ang may pinakamalaking nagawa para umunlad ang kabihasnang Ehipsyano? Bakit?

| Kaharian | Pinuno | Mga Nagawa |
|---|---|---|
| 1. Lumang Kaharian | | |
| 2. Gitnang Kaharian | | |
| 3. Bagong Kaharian | | |



**Tandaan Mo!**

- Ang Ehipto ay umunlad bilang isang lupain sa tulong ng Ilog Nile. Sinabi ni Herodotus na lahat ng Ehipto ay handog ng Nile. Walang Ehipto kung walang Nile.
- Ang mga natatanging pamana ng Ehipto sa kabihasnan ng mundo ay ang hiroglipiko o paraan ng pagsusulat, pag-eembalsamo ng mga pumanaw, paniniwala sa kabilang-buhay, at ang kahanga-hangang piramide.
- Ang mga paraon sa iba't ibang kaharian ng sibilisasyong Ehipsyano ay maraming naiambag sa makabagong panahon sa larangan ng pulitika, ekonomiya, arkitektura, at relihiyon.



**Gawain 3: Paglalapat**

1. Ano ang pangunahing dahilan ng pagbagsak ng mga kaharian sa kabihasnang Ehipsyano? Isulat sa loob ng unang kahon.

2. Alin para sa iyo ang pinakamalaking pamana ng Ehipto sa kabihasnan? Isulat ang sagot sa ikalawang kahon.

| 1 | 2 |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |


**ARALIN 3**

**KABIHASNAN SA SINAUNANG INDIA**



Ang India ay isa sa pinakamalaking bansa sa daigdig dahil sa lawak ng lupain at yaman ng kultura.

Sa araling ito, aalamin mo ang pinagdaanang kasaysayan ng mga sinaunang kabihasnan sa India at ang mga katangian at kontribusyon ng kabihasnang Indian sa daigdig.



Pagkatapos ng paksang araling ito, inaasahang malilinang ang mga sumusunod mong kasanayan:

1. Masusuri ang mga katangian ng kabihasnan ng sinaunang India;
2. Makapagbibigay ng mga kontribusyon sa daigdig ng sinaunang sibilisasyon sa India;
3. Mapaghahambing at mabibigyang-halaga ang mga kabihasnang Aryan at Mohenjo-Daro at Harappa.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kung bibigyan ka ng pagkakataong bumalik sa sinaunang kasaysayan, aling kabihasnan ang pipiliin mo? Bakit?

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

__________________ .

Pagkatapos mong basahin ang sumusunod na nilalaman ng aralin, iyan pa rin ba ang pipiliin mo? Una'y suriin mong isa-isa ang mga sinaunang kabihasnan sa India.

**Kabihasnan sa Sinaunang India**

Hindi maipagkakailang nakalunday sa Asya ang mga sinaunang kabihasnan. Tulad ng iba pang sinaunang kabihasnan, iniluwal ang kabihasnang ito sa mga ilog at lambak ng Indus na nasa hilagang kanlurang bahagi ng India. Umunlad ang kabihasnang ito at tinawag na mga lungsod ng Mohenjo-Daro at Harappa.

Madalas na tawaging subkontinente ang India dahil sa laki nito. Halos lahat ng anyong-tubig at lupa ay makikita rito tulad ng disyerto, matabang lambak, mga kapatagan, matataas na talampas, mababang baybayin, mga naglalakihang ilog, at mga kabundukan.

Basahin mo ang buod ng kasaysayan ng sinaunang India. Pansinin mo ang iba't ibang larangang pampulitika, pang-ekonomiya, lipunan, at kultura. Anu-ano ang mga naiambag ng sinaunang kabihasnang Indian sa pamumuhay natin ngayon? Bakit bumagsak at nahaluan ng ibang kultura ang sinaunang India? Alamin natin.

| **Kabihasnang Mohenjo-Daro at Harappa (2500-1500 B.C.)** |
|---|
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ May malalaking kalsada, alkantarilya, at sistema ng patubig na tumutustos sa pangangailangan ng mga tahanan maging noong unang panahon.<br>➢ Gumamit ang mga tao ng laryong putik na pinatutuyo sa pugon sa paggawa ng bahay. Gumamit sila ng mga hulmahan upang magkakapareho ang mga laryo.<br>➢ Maganda ang kanilang mga iskultura at simple ang istilo ng arkitektura.<br>➢ Naniniwala at sumasamba sa mga kaluluwa na naninirahan sa kalikasan at maging sa tao. |
| **Ekonomiya**<br>➢ Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao. May matabang lupa na |

| |
|---|
| dulot ng malimit na pag-apaw ng mga ilog na pinagtaniman ng palay, mais, kape, bulak, niyog, at iba pa.<br>➢ May mga nahukay na relikyang nagpapatunay na nakipagkalakalan ang sinaunang India sa Mesopotamia tulad ng mga inukit na batong seal na ginamit sa pagtatak ng mga kalakal. |
| **Sanhi ng Pagbagsak**<br>➢ Pagdating ng mga mananakop na Aryan mula sa Gitnang Asya noong 1500 B.C. |
| **Ambag sa Kabihasnan**<br>➢ Parisukat na seal carving na yari sa Soapstone, isang uri ng pulbos na pinatigas at kadalasang ginagawang dekorasyon at selyo.<br>➢ Mga piguring bronse at terracotta ng mga bagay at diyos na sinasamba ng tao.<br>➢ Mga alahas na yari sag into, metal, at iba pang mamahaling bato tulad ng jade at lapis lazuli. |

| **Kabihasnang Aryan (1500-530 B.C.)** |
|---|
| **Pamahalaan**<br>➢ Nahahati sa mga pamayanan na may kanya-kanyang pamahalaan. Pinamumunuan ito ng rajh na nagmamana ng katungkulan at may katulong na lupon ng tagapayo na binubuo ng mga pinuno ng tahanan. |
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ Tinawag na Panahong Vedic dahil ditto isinulat ang mga Veda o ang apat na aklat ng karunungan. Ito ay kalipunan ng mga himnong pandigmaan, mga ritwal na panrelihiyon, at mga kwento. Ang Rig Veda, ang pinakamatanda sa apat, ay tungkol sa kalikasan; ang Sama Veda naman ay tingkol sa mga ritwal; habang ang Veda ay naglalaman ng mga sinaunang seremonya. Ang Athava Veda ay tungkol naman sa kultura at mga tradisyon ng mga Aryan. Ang Upanishad naman ay nagsasaad ng mga pangunahing paniniwala ng Hinduismo tulad ng reinkarnasyon.<br>➢ Sa ilalim ng sistemang caste, inuri ang mga Brahman na binubuo ng mga pari na nagsisilbing guro; ang mga Kshatriya o ang mga maharlika at mandirigma; ang |

mga Vaisya o mga karaniwang mamamayan, mga artisano, mangangalakal, magpapastol, at magsasaka; at ang mga Sudra na mga manggagawa at alipin. Sa labas ng sistema matatagpuan ang mga *untouchable* o pariah, mga mamamayang hindi Aryan na karaniwang mahihirap at gumaganap ng mababang uri ng trabaho.

- Sumasamba sa maraming diyos sa kalikasan tulad nina Indra, ang diyos ng bagyo at Agni, ang diyos ng apoy. Sa pagsambang ito nagmula ang relihiyong Hinduismo, ang pangunahing relihiyon sa India ngayon at isa sa pinakamatandang relihiyon sa daigdig. Ang Budismo, na pinasimulan ni Gautama Buddha noong 600 B.C., ay isa ring mahalagang relihiyon sa India na kumalat sa iba pang lupain sa Asya.
- Walang kalayaan ang babaing Indian sa panahong ito, ngunit mayroon silang karapatang magmay-ari ng negosyo at kasangkapan tulad ng alahas na maaaring ipamana sa kanilang mga anak. Ang mga biyuda ay hindi na maaari pang mag-asawa at dapat mamauhay nang simple hanggang sa kanyang kamatayan. Ang iba ay nagpapakamatay at sumasama sa libing ng asawa na tinatawag na suttee.
- Ang mga anak ng mayayamang pamilya ay nakapag-aaral. Ipinapakabisa sa mga mag-aaral ang mga Veda.
- Ang krimen noong panahong iyon ay maaaring maparusahan ng kamatayan.
- Mahilig sa kasayahan ang mga Aryan. Sila ay madalas manood at makilahok sa karera ng mga karwahe, pagsasayaw, at pagsusugal.

**Ekonomiya**

- Pagpapastol at pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga Aryan. Nagtanim sila ng barley at trigo.
- Magaling din sa mga gawang-kamay ang mga Aryan. Ang pangunahing hanapbuhay noon ay pagkakarpintero, paghahabi, pagkukulti ng balat ng hayop, at paggawa ng mga kasangkapan sa bahay gaya ng araro at asarol.

**Sanhi ng Pagbagsak**

- Sinalakay at napailalim sa mga Persiano sa pamumuno ni Cyrus the Great noong 530 B.C.

| Ambag sa Kabihasnan |
|---|
| **Ambag sa Kabihasnan**<br>➢ Relihiyong Hinduismo at Budismo<br>➢ Sistemang caste<br>➢ Konsepto ng reinkarnasyon o muling pagkabuhay at ang karma na nagsasabing ang ginawa ng tao sa kasalukuyang buhay ay maparurusahan o magagantimpalaan sa susunod nilang buhay.<br>➢ Sa panitikan, ang mga Veda at ang Upanishad |

**Imperyo sa Sinaunang India**

| **Imperyong Maurya 320-185 B.C.**<br>Nagtatag: Chandragupta Maurya (324-300 B.C.) |
|---|
| **Pamahalaan**<br>➢ May maayos na pamahalaan na nakasentro sa hari. Ang imperyo ay hinati sa mga distrito na pinamunuan ng mga kasapi ng pamilya ng hari. Malaki rin ang bahaging ginampanan ng mga tagapayo ng hari, tulad ni Kautilya sa panahon ni Chandragupta Maurya.<br>➢ Sa ilalim ni Bandusara (297 B.C.), anak ni Chandragupta, nasakop ng imperyo ang talampas ng Deccan (273-232 B.C.)<br>➢ Nagpalabas si Asoka, ang pinakamagaling na pinuno ng imperyo, ng maraming batas na tinawag na *Rock Edicts*. Ito ay nakaukit sa mga bato, dingding ng mga kweba, at sa mga pampublikong lugar. Ang mga batas na ito ay naglalaman ng mga konsepto ng kawalan ng karahasan, paggalang sa lahat ng relihiyon at opinyon, pagsunod sa magulang, at pagiging makatao sa mga naninilbihan.<br>➢ Pinalaganap ang Budismo sa panahon ni Asoka. Nagpasagawa siya ng mga daan, mga balon, at mga bahay-pahingahan. Ipinagbawal din ang pagsasakripisyo sa mga hayop at nagpatayo ng mga sentrong pangkalusugan para sa lahat ng mamamayan. |
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ Ang lipunan ay nahahati sa pitong uri – mga pilosopo, magsasaka, kawal, pastol, |

artisano, mahistrado, at konsehal. Pinakamalaking grupo ang mga magsasaka. Hindi maaaring mag-asawa ng hindi kauri ang mga Hindu.

**Ekonomiya**

- Nakipaglaban sa mga Persiano na pinamunuan ni Seleucus, ang mga Seleucid, noong 3000 B.C.
- Pagsasaka at pagpapastol ang pangunahing hanapbuhay, nagtanim ng millet, trigo, at bulak.
- Nangulekta ng buwis mula sa mga mangangalakal ng bulak at may-ari ng lupa.

**Sanhi ng Pag-unlad at Pagbagsak**

***Pag-unlad***

- Ang maayos na sistema ng pamahalaan at ang mga buwis ang siyang tumustos sa mga gastusin ng imperyo.

***Pagbagsak***

- Umusbong ang mga nagsasariling estado sa timog ng kahariang Sunga at Kalinga.
- Napabayaan ang hukbong military sa panahon ni Asoka dahil itinuon niya ang pansin sa pagpapalaganap ng Budismo. Hindi nito nakayang ipagtanggol ang imperyo mula sa mga nag-alsang Hindu na ayaw ng Budismo.
- Hindi nakaagapay ang pamahalaan sa mga gastusin ng imperyo.

**Ambag sa Kabihasnan**

- Encyclopedia sa medisina na isinulat ni Charaka.
- Aklat sa pulitika ni Kautilya, ang Arthasastra (*The Science of Material Gain*) na tungkol sa pagpapalawak at paggamit ng kapangyarihan.

**Imperyong Gupta 320-500 A.D.**

Nagtatag: Chandragupta (320-335 A.D.)

**Pamahalaan**

- Sa ilalim ng pamumuno ni Samudragupta (335-375 A.D.), anak ni Chandragupta I, lalong napalawak ang imperyo hanggang Talampas ng Deccan. Ang

| |
|---|
| pagpapalawak na ito ay nagdala ng yaman sa imperyo sa pamamagitan ng mga buwis na sinisingil ng imperyo sa mga nasakop na lupain. |
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ Itinuring na Gintong Panahon ng India. Ang mga ambag ng Imperyong Gupta sa kabihasnan ay nagpapahayag ng kasaganaan na dulot ng mga yaman mula sa mga nasakop at kapayapaang tinamasa nito sa panahon ni Asoka. Sa panahong ito umunlad ang pagkamalikhain ng mga tao at nalinang ang sining at kultura sa India. |
| **Ekonomiya**<br>➢ Pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay ng mga Gupta. Nagtanim sila ng bigas, trigo, at tubo, gayundin ng mga prutas tulad ng mangga, melon, apricot, peach, peras, at iba pa.<br>➢ May mga minahan ng mineral at asin, mga pabrika ng sandata, at pagawaan ng ornamenting ginto at pilak.<br>➢ Nakipagkalakalan sa Ehipto, Gresya, Roma, at Ceylon (ngayon ay Sri Lanka). Ang ilan sa mga produkto nila ay bulak,mga telang chintz, calico at cashmere, garing, at elepante na ipinagpalit nila sa musk, seda, at amber. |
| **Sanhi ng Pag-unlad at Pagbagsak**<br>***Pag-unlad***<br>➢ Mahusay na pamamahala ng mga naunang pinuno.<br>***Pagbagsak***<br>➢ Pagsalakay ng mga Hun mula sa Gitnang Asya noong 415 A.D. |
| **Ambag sa Sibilisasyon**<br>➢ Dinar – gintong barya na inuukitan ng tula at iba pang disenyo<br>➢ Sakuntala – dula ni Kalidasa at mga pabula na may aral tungkol sa moralidad at pulitika<br>➢ Sa arkitektura, ang *Iron Pillar* sa Delhi ay isang magandang halimbawa ng teknolohiya noong panahong iyon.<br>➢ Mga epikong Ramayana at Mahabharata at ang pagtulong sa kanila ni Krishna sa pagbawi sa trono mula sa kanyang magandang asawang si Sita na kinuha ng |

| |
|---|
| isang demonyo mula sa Persia.<br>➢ Simbolong zero at bilang na 1 hanggang 9.<br>➢ Pi na katumbas ng 3.14 at 365.3568 na bilang ng araw sa isang taon<br>➢ Sistemang decimal<br>➢ Ang University of Nalanda, ang unang unibersidad sa daigdig, na nag-alok ng mga kurso sa relihiyon, pilosopiya, at sining.<br>➢ Nagbigay sa mundo ng mga telang cashmere, calico, at chintz na hanggang ngayon ay ginagawang damit at sapin sa bahay.<br>➢ Mga fresco painting (pinta sa pader na plaster) sa kweba ng Ajanta sa Maharashtra. |

| **Imperyong Mogul 1526-1793 A.D.**<br>Nagtatag: Babur (1526-1530) |
|---|
| **Pamahalaan**<br>➢ Sa ilalim ng pamamahala ni Akbar the Great noong 1556-1605 A.D., apo ni Babur, nagpatayo ng mga monumento at palasyo sa India.<br>➢ Naabot ng imperyo ang katanyagan sa panahon ng pamamahala nina Akbar Jahangir na namuno noong 1605-1627 at Shah Jahan noong 1628-1658. |
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ Magkahalong tradisyong Hindu at kaugaliang Muslim ang umiral sa lipunan noong panahon ni Akbar at sumunod na namuno.<br>➢ Ipinagbawal ang pang-aalipin ng mga babae at batang bihag sa digmaan.<br>➢ Inalis din ang suttee o ang pagsunog ng mga biyuda kasama ng bangkay ng kanilang asawa. Ang kaugaliang ito ay nagsimula noong 1 A.D., dala ng mga Raiputs, mga mandirigmang Kushan na naniniwala sa monogamya o pag-aasawa ng isa lamang.<br>➢ Nagkaroon ng direktang komunikasyon ang emperador at mga mamamayan sa pamamagitan ng mga korte ng hustisya na pinamunuan ng emperador. |

**Sanhi ng Pag-unlad at Pagbagsak**

***Pag-unlad:***


- Pinalawak ang imperyo sa pamamagitan ng pagkakasundo ng mga Hindu at Muslim sa imperyo.

***Pagbagsak***

- Napabayaan ang pamahalaan sa panahon ni Aurangzeb (1695-1707), na nagtuon ng pansin sa pakikidigma sa pag-asang masasakop ng imperyo ang buong India.


**Ambag sa Kabihasnan**

- Istilong Mogul sa sining at arkitektura. Ito ay sining ng India na hinaluan ng impluwensya ng Persia.
- Ang Taj Mahal na itinayo sa pagitan ng 1620-1648 ay itinuturing na isa sa pinakamagandang halimbawa ng arkitekturang Indian. Ipinatayo ito ni Shah Jahan para sa paborito niyang asawa na si Muntaj Mahal.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gumawa ng Venn diagram na naghahambing sa heograpiyang pisikal ng dalawang bansa. Ano ang napansin mo?





**Tandaan Mo!**

- Kung titingnan nang masusi ang mapa ng India, mapapansin na tila dalawang tatsulok na pinagdikit sa baso ang hugis nito. Nakatutok ang maliit na tatsulok sa mga kabundukan ng hilagang Asya habang ang malaki naman ay sa karagatang India.
- Dahil sa laki ng India, binubuo ito ng apat na rehiyong heograpikal. Ang kapatagan sa India-Ganges, Talampas ng Deccan, mga kabundukan sa hilaga, at Baybaying Gilid.
- Ang mahalagang ambag ng sinaunang India sa daigdig ay ang relihiyong Hinduismo at Budismo, konsepto ng karma at reinkarnasyon, mga Veda at Upanishad na nagging mahalagang bahagi ng panitikan, mga epikong Ramayana at Mahabharata, sistemang decimal, mga pintang fresco, at arkitekturang Mogul at Persian gaya ng tanyag na Taj Mahal.



**Gawain 3: Paglalapat**


Maging dito sa Pilipinas ay maraming taga-India na namumuhay bilang mga mangangalakal. Sa iyong palagay, bakit mahusay sa negosyo ang mga Indian? Pangatwiranan mo.

**ARALIN 4**

**KABIHASNAN SA SINAUNANG TSINA**



Sa ating paligid, makikita ang mayabong na kabihasnang Tsino. May mga ninuno rin tayong Tsino sapagkat nakarating dito ang mangangalakal na Tsino bago pa man dumating ang mga Kastila. Paano ba yumabong ang kabihasnang Tsino? Tutuklasin mo iyan sa araling ito.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagbibigay ng mga aral mula sa pilosopiyang Tsino;
2. Makapagsusuri ng mga mahalagang ambag ng mga dinastiya sa sinaunang Tsina; at
3. Makapagpapaliwanag sa mga naging sanhi ng pagbagsak ng mga dinastiya sa sinaunang Tsina.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ipaliwanag ang isang mahalagang turo ni Confucius na maituturing na isang ginintuang panuntunan:

“Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo.”

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

________.

Ano ang ipinahihiwatig ng panuntunang iyan tungkol sa kabihasnan ng sinaunang Tsina? Iyan ay tutuklasin mo sa mga sumusunod na buod ng kasaysayan ng sinaunang Tsina.

**Kabihasnan sa Sinaunang Tsina**

Tinagurian ang Tsina na isa sa mga dakilang bansa dahil sa kanyang kabihasnan at nakasulat na kasaysayan sa loob ng apat na libong taon. Kilala ang Tsina sa katawagang "Natutulog na Higante" dahil sa matagal na panahong hindi nito pakikisalamuha sa ibang kultura at ang pagsasara ng lupain nito sa mga dayuhan. Diumano, nagkaroon ng *xenophobia* o pagkatakot sa mga dayuhan ang mga Tsino kaya ipininid nito ang kanyang mga pintuan sa mga dayuhan. Ano kaya ang sinasabi ng kanilang kasaysayan?

Iisa-isahin sa sumusunod na buod ang pinagdaanang panahon at kabihasnan ng Tsina. Ito ang panahon ng mga dinastiya.

**Mga Dinastiya sa Sinaunang Tsina**

| |
|---|
| **Hsia (200 B.C. – 1600 o 1500 B.C.)** |
| ➢ Ang dinastiyang itinatag ni Emperor Yu sa may lambak ng Huang Ho ang itinuturing na pinakauna sa kasaysayan ng Tsina. Nakabatay sa tradisyon ang mga tala tungkol sa dinastiyang ito. Pinamunuan ito ng mga paring-hari na pinaniniwalaang gumawa ng mga sikretong kalendaryo na ikinamangha ni Confucius noong panahon ng Han kung kaya't binuhay niya ang paggawa at paggamit nito.<br>➢ Wala pang mga ebidensyang nahukay ang mga arkeologo na nagpapatunay sa dinastiyang ito. |
| **Shang (1700-1200 B.C.)** |
| ➢ Sila ang mga unang dayuhang permanenteng nanirahan sa Tsina. Nakasentro ang kanilang kabihasnan sa lambak ng Huang Ho. Nakabuo sila ng mataas na antas ng lipunan na pinamumunuan ng aristokrasya. |

| |
|---|
| **Kultura**<br>➢ Naniniwala ang mga Tsino noong panahong ito na taglay ng kanilang pinuno ang bisa ng "Utos ng Langit" na batayan ng kanilang pamumuno. Kapag nawala na ang bisa nito, babagsak ang pinuno at papalitan ng bago.<br>➢ Pinaghalong animismo at pagsamba sa mga ninuno ang kanilang relihiyon. Kaugnay nito, naniniwala sila sa oracle bone reading o panghuhula sa pamamagitan ng pagbasa ng mga nakaukit sa buto ng hayop o bahay ng pagong.<br>➢ *Calligraphy* o kaligrapo ang uri ng pagsulat na naitatag ngmga Shang. Pictogram o mga larawan ang kanilang gamit sa calligraphy na dikit-dikit ang pagkakasulat upang makabuo at maipakita ang ideya.<br>➢ Gumamit ng elepante bilang sasakyang pandigma gayundin ng karwaheng hila ng kabayo. |
| **Ekonomiya**<br>➢ Pagsasaka ang pangunahing industriya ng mga Shang. Umani sila ng millet, palay, at barley. Sila ang maituturing na unang pangkat na natutong kontrolin ang pagbaba ng ilog Huang He sa pamamagitan ng sistemang irigasyon.<br>➢ Nag-alaga dito na baka, baboy, manok, at aso.<br>➢ Natutong mag-alaga ng uod bilang pagkukunan ng seda (silkworm) na tanging Tsina lamang ang marunong gumawa sa buong daigdig noong sinaunang panahon.<br>➢ Marunong maghulma ng bronse upang gawing mga gamit.<br>➢ May kasanayan sa paggawa ng mga alahas mula sa jade.<br>➢ Ang mga artisanong Shan gang nagpasimula ng paggawa ng mga seramika gamit ang kaolin, isang uri ng maputing putik. |
| **Sanhi ng Pagbagsak**<br>➢ Naging masama at makasarili ang mga huling pinuno.<br>➢ Nilusob ng mga Chou, mga barbaro mula sa lambak ng We sa kanlurang bahagi ng Tsina. |

**Ambag sa Kabihasnan**

- Paggamit ng tanso
- Paggamit ng elepante at karwaheng hila ng kabayo bilang mga sasakyang pandigma
- Sistemang irigasyon at pagkontrol sa tubig-baha
- Nakaimbento ng kalendaryong lunar na sampung araw ang pinakamalaki – anim na tigsasampung araw ang bumubuo ng 360 araw sa loob ng isang taon.

**Chou (1122-256 B.C.)**

- Nagmula ang mga Chou sa kanlurang bahagi ng Tsina ngunit direktang namuno sa hilagang bahagi lamang nito, sa pangunguna ni Wu Wang, ang nagtatag nito. Ang silangang bahagi nito ay pinamumunuan ng ibang mga miyembro ng pamilya at pinagkakatiwalaang kasapi ng military. Naghari sa loob ng 900 taon, ito ang itinuturing na pinakamahaba at pinakadakilang dinastiya sa Tsina. Sa panahong ito naging matatag at permanente ang pamahalaan bilang isang institusyon.

**Pamahalaan**

- Pinamunuan ng emperador katulong ang limang ministro o mandarin: punong ministro (*Mandarin of Heaven)*; ministro ng seremonya (*Mandarin of Ceremonies*); ministro ng digma (*Mandarin of Summer*); ministro ng krimen (*Mandarin of Autumn*); at ministro ng publikong paggawa (*Mandarin of Winter*).
- Sa ilalim ng mandarin, ang iba pang opisyal ay pinili mula sa hanay ng mga iskolar na may kaalaman sa kasaysayan at relihiyon.
- Ipinatupad ang sistemang *civil service* kung saan kailangang pumasa sa pagsusulit ang mga magiging opisyal at kawani ng pamahalaan. Sa pamamagitan nito, napahusay ng mga Chou ang pamamalakad ng pamahalaan.
- Sa panahong ito, nagsimula ang pilosopiyang Legalism kung saan higit na pinahahalagahan ang estado at ang pinuno nito, taliwas sa mga turo ni Confucius at iba pang mga pantas.

**Lipunan**

- Itinatag ang piyudalismo o ang sistemang sosyo-pulitiko at ekonomikong pamamahala na nakabatay sa pag-aari ng lupain. Pinamamahalaan ang mga lupaing piyudal ng mga *warlord* na nasa ilalim ng kapangyarihan ng emperador. Siya ang regular na bumibisita rito upang magbigay ng tributo.
- Bawat estado ng dinastiya ay may libreng paaral at tinustusan ng mga aklat tungkol sa kasaysayan, panitikan, pilosopiya, agrikultura, at maging sa mahika.

**Kultura**

- Itinuturing ng Ginituang Panahon ng pilosopiyang Tsino ang Chou dahil sa pagsikat ng sumusunod na mga pantas.

***a. Confucius (551-479 B.C.)*** – nagpakilala sa daigdig ng Five Classics at Four Books.

Ayon sa kanya, may anim na salik na dapat sundin ang tao sa pakikipag-ugnayan: kagandahang-asal, kabutihan, katapatan, pagkamakatarungan, pagkakawanggawa, at katalinuhan. Ilan sa kanyang mga ginintuang palaisipan ang sumusunod.

1. Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo ng ibang tao.
2. Kapag nakakita ka ng mabuting tao, tularan mo siya; kapag masamang tao, suriin mo ang iyong puso.
3. Ang taong nakagawa ng kamalian na hindi nagtatangkang iwasto ito ay makagagawa pang muli ng isa pang kamalian.

***b. Lao Tzu (604-517 B.C.)*** – nagpakilala ng Tao Te-ching kung saan nakasulat ang kanyang mga turo. May mga paliwanag ito ukol sa landas na dapat tahakin ng bawat tao tungo sa kabutihan.

Ayon din sa kanya, makakamtan ng tao ang walang hanggang kaligayahan kung susundin niya ang "Daan Tungo sa Kabutihan" o "*Way of Virtue*". Itinuro niya na kailangang maging matiyaga, mahinhin, at mababa ang loob ng tao.

Ang kanyang mga ginituang aral ay ang sumusunod.

1. Lumagi ka sa hulihan at bago mo malaman, ikaw ay nasa unahan na.
2. Ang taong nasusupil ang iba ay matapang, subalit ang taong nasusupil ang sarili ay higit na matapang.

c. ***Mencius (372-289 B.C.)*** – may-akda ng *Doctrine of Mean*, naniniwalang may karapatan ang mga mamamayang gumamit ng dahas ngunit dapat sikaping manatili ang kapayapaan dahil walang mabuting ibubunga ang digmaan.

Para sa kanya, ang tao ang pinakamahalagang salik ng bansa kaya tungkulin ng pamahalaan na paunlarin ang kanilang kabuhayan at kaisipan. Ayon sa kanya, ang taong hindi nagtataglay ng damdaming makatao ay walang karapatang manatili sa trono ng kapangyarihan.

d. ***Mo Ti o Mo Tzu (480-390 B.C.)*** – nagtaguyod ng pandaigdigang pagmamahalan at pagtutulungan bilang mga prinsipyo ng isang maayos na lipunan. Tinawag na Mohism ang pilosopiyang kanyang itinaguyod.

- May elemento ng pilosopiya, kasaysayan, at tula ang panitikan na yumabong noong panahong ito. Kinakatawan ito ng tatlong aklat:

a. **Book of Changes** – isang manwal na nagsasaad na hindi nakasalalay sa mga diyos o kapalaran ang kinabukasan ng tao at kaluluwa kundi nasa sistema ng pagbabago sa mundo.

b. ***Book of Documents*** – koleksyon ng mga makasaysayang dokumento mula sa mga talumpati ng mga hari at opisyal ng imperyo. Ipinakilala nito ang mga kaisipang pangkasaysayan at pulitikal na mga pinuno ng panahong ito.

c. **Book of Poetry o Book of Songs** – koleksyon ng mga dalit at awit na naglalarawan ng mga hinagpis at tuwa sa araw-araw na buhay.

**Sanhi ng Pagbagsak**

- Pagpapagawa ng mga proyektong irigasyon kung saan kinakailangan ang maraming manggagawa. Dahil dito, nawalan ng bantay ang mga hangganan na nagpahina sa depensa nito, higit sa kanlurang bahagi kung saan nagmula ang pagsalakay ng mga barbaro.
- Paglakas ng mga warlord ng imperyo. Inilipat ng mga Chou ang kanilang kabisera mula Xi'an sa Luoyang (Henan ngayon) sa may silangan.
- Bagaman noong 771 B.C. tunay na nagwakas ang kapangyarihan ng Chou, nanatili sa pangalan ang pamamahala nito hanggang 256 B.C.

**Ambag sa Kabihasnan**

- Mga pilosopiyang itinatag nina Confucius, Lao Tzu, Mencius, at Mo Ti.
- Pagpapatupad ng sistemang *civil service* para sa pagpili ng mahuhusay na kawani ng pamahalaan.

**Qin o Ch'in (246-206 B.C.)**

- Sa huling mga taon ng dinastiyang Chou, isa si Prinsipe Cheng sa mga warlord na naghahari sa silangang bahagi ng imperyo. Noong 221 B.C., matapos na talunin ang mga kaaway nito, itinatag niya ang dinastiyang Ch'in o Qin. Naghari siya sa loob ng 15 taon at higit na kilala sa pangalang Shih Huang-ti o Shih Huang Ti. Ang kanyang dinastiya ang kauna-unahan sa kasaysayan ng Tsina na may matatag na pamahalaang sentral. Siya rin ang nagsimulang magpalawak ng teritoryong nasasakupan ng Tsina. Pinangalanan niyang Tsina ang kanyang kaharian, hango sa kanyang pangalang Ch'in.

**Pamahalaan**

- Itinatag niya ang kaharian batay sa prinsipyong legalismo, hindi sa mga nakagisnang kaugalian at katuruan.
- Pinagtibay ang depensa ng dinastiya laban sa mga dayuhan sa pamamagiatn ng pagdurugtong sa pader na sinimulan ng mga nakaraang dinastiya. Tinawag na *Great Wal of China* ang depensang ito na nagpalawak sa teritoryo ng kaharian ni Shih Huang-ti.

**Lipunan at Kultura**

- Ipinasunog ni Shih Huang-ti ang mga aklat ng katuruang klasiko, lalo na ang mga aklat ni Confucius upang maipag-ibayo ang mga pagbabago ng kaharian.
- Sinunog din ang lahat ng talaan ng nakaraan upang maalis sa isipan ng mga tao ang tungkol sa nakaraang pamahalaan. Subalit maraming iskolar ang nagtakas ng mga aklat at ibinaon upang mailigtas ang mga ito. Ipinasunog ni Shih ang 500 na iskolar nang malaman niyang tinangka ng mga ito na magtago ng mga klasikong aklat. Pinalayas naman ang ibang mga iskolar na tumuligsa sa pamahalaan o patuloy na nagtuturo tungkol sa mga klasiko.

| |
|---|
| ➢ Sinimulan ang sistema ng *scholarship*, ang pagsasanay sa mga hihiranging gobernador at opisyal ng imperyo.<br>➢ Ginawang simple ang sistema ng pagsulat upang mas maraming mamamayan ang matutong magbasa at magsulat. |
| **Ekonomiya**<br>➢ Binuwag ni Shih Huang-ti ang piyudalismo at isinalin sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng lupain.<br>➢ Binigyan niya ng trabaho ang mga tao at ipinatunaw ang lahat ng mga kagamitang pandigma at ginawang estatwa sa kanyang palasyo.<br>➢ Pinagdugtong ang mga lalawigan ng kaharian sa pamamagitan ng pinahusay na sistema ng transportasyon.<br>➢ Ipinatupad ang sistema ng salapi.<br>➢ Ginawang simple ang sistema ng pagtitimbang at pagsusukat ng mga produkto upang mapadali ang paglikom ng buwis at ang pakikipagkalakalan. |
| **Sanhi ng Pagbagsak**<br>➢ Pagkawala ng mga iskolar na gumagabay sa pagpapatakbo ng pamahalaan.<br>➢ Sa pagkamatay ni Shih Huang-ti noong 206 B.C., wala ng malakas na pinuno ang pumalit sa kanya na naging dahilan upang maagaw ng mga nagrerebeldeng mamamayan ang pamahalaan. |
| **Ambag sa Kabihasnan**<br>➢ *Great Wall of China* – may habang 2,200 kilometro, taas na 7 metro, at lapad na 6 metro. May tore ito sa bawat 9 metro. Bumabaybay ito mula hilagang silangan ng Hopei hanggang kanluran ng Kansu. |

| **Han (206-219 B.C.)** |
|---|
| ➢ Ang mga Han ang sumunod na nagtatag ng dinastiya pagkatapos ng Ch'in. Naghari ito ng 400 taon. Si Wu Ti (140-87 B.C.) ang itinuturing na nagpalawak at nagpalakas sa kaharian. |
| **Pamahalaan**<br>➢ Pinamunuan ng emperador ang estado. Siya ang tagagawa ng mga batas, |

| |
|---|
| tagapagpatupad nito, at tanging hukom sa buong kaharian. Isang pari naman ang kinikilalang makapangyarihan sa lahat ng mga ritwal na panrelihiyon.<br>➢ Katulong ng emperador ang isang Gabinete na binubuo ng dalawang pangkat:<br>***a. Tatlong Duke*** – ang chancellor, kalihim ng imperyo o vice chancellor, at great commandant na namahala sa pamahalaang sibil at militar.<br>***b. Siyam na Ministro*** – higit na nakatalaga sa pagpapatupad ng mga batas.<br>➢ Pagtataguyod ng agresibong patakarang panlabas na nagpahina sa mga Hun sa may hilagang hangganan ng imperyo. |
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ Pinag-ibayo ang pagpapanumbalik sa mga klasikong kaalaman. Tinipon nito ang mga aklat na naitago at hindi nasunog ng Ch'in.<br>➢ Sinimulang linangin ang edukasyon. Nagkaroon ng historyador at mga manunulat ang Tsina. Nagsimulang magtipon ng mga impormasyon tungkol sa kasaysayan ng Tsina si Pan-chao.<br>➢ Sa panahong ito, ipinakilala ng mga Indian ang relihiyong Budismo sa Tsina. |
| **Sanhi ng Pagbagsak**<br>➢ Malawakang rebelyon noong 220 A.D. na nagpahina sa kaharian. |
| **Ambag sa Kabihasnan**<br>➢ ***Papel*** – naimbento noong 105 A.D.<br>➢ ***Lexicon o diksyunaryo*** – nalathala dulot na rin ng pagkakaimbento ng papel. |

| **Sui (581-618 A.D.)** |
|---|
| **Pamahalaan**<br>➢ Dahil sa magulong buhay-pulitika bunga ng pamumuno ng batang emperador sa trono ng dinastiyang Chou, iniluklok ni Yang Chien ang isang bata bilang puppet-emperador at pagkatapos inagaw niya ang trono. Siya ang muling nagbuklod sa Tsina sa pamamagitan ng Grand China.<br>➢ Pinamahalaan ni Yang Chien ang buong hilagang Tsina. Itiinatag ang Ta-shing bilang bagong kabisera. Pinalakas niya ang depensa sa hilaga laban sa mga Turko sa pamamagitan ng pagpapaayos ng Great Wall. Nagtagumpay siya sa |

muling pagkakaisa ng imperyo.

- Pagpapatupad ng binagong kodigo, ang kodigong K'aihuang, na higit na payak kaysa mga batas ng hilagang Tsina.
- Ang sentro na pamahalaan ay binubuo ng mga direktor, lupon, ministro, at hukuman.
- Nagtatag ng sistemang hsiang sa lokal na pamahalaan na ang bawat isa ay binubuo ng 500 pamilya.

**Ambag sa Kabihasnan**

- Sistema ng pamamahala
- *K'aihuang Code* – naging modelo ng Kodigo Tang, ang pinakamaimpluwensyang kalipunan ng mga batas sa ilang bansa sa silangan

**Sanhi ng Pag-unlad at Pagbagsak**

***Pag-unlad***

- Maayos na pamamahala ni Yang Chien at ibang pinuno
- Pagsasaisa ng imperyo

***Pagbagsak***

- Paghina ng militar dulot ng mga kampanya, pagbabanta ng mga Turko, rebelyon ng bawat rehiyon ng imperyo, at pagtatanghal sa sarili ng emperador ng bagong dinastiyang T'ang.

**T'ang (618-906 A.D.)**

- Itinuturing na panahon ng kasaganaan at malawakang kultural na pag-unlad ang 300 taong paghahari ng mag T'ang. Una itong pinamahalaan ng ama ni Li Shih-min. Noong 626, pinatalsik ni Shih-min sa trono ang kanyang ama at siya ang naghari rito. Kinilala siya bilang Emperador Tai Tsung. Sa panahon ni Ming Huang nakamit ng T'ang ang pinakamalawak na sakop nito.

**Pamahalaan**

- Isinanib ang mga prefecture sa mga lalawigan sa buong imperyo upang higit na mapaunlad, mapanatili, at mapadali ang pamamahala.
- Pinasimulan ang tunay na sistema ng serbisyo sibil batay sa galing. Ang Chin-Shin ang pinakamataas na pagsusulit para sa nais makabilang sa pangkat ng

mga namumuno.

- Batay pa rin sa katuruan ni Confucius ang pagsusulit sa serbisyo sibil.

**Ekonomiya**

- Ipinakilala ang isang uri ng palay na madaling itanim at anihin mula dalawa hanggang tatlong ulit bawat taon. Malaki rin ang naging ani ng tsaa at seda na iniluwas ng mga Tsino sa Asya at Europa.
- Nakilala ang mga Sung sa paggawa ng makikinis at makikintab na porselana.
- Umunlad sng sericulture o ang pag-aalaga ng uod sa paggawa ng telang seda.

**Sanhi ng Pagbagsak**

- Paglaki ng populasyon at pagsalakay ng mga Mongol mula sa hilaga.

**Ambag sa Kabihasnan**

- Mga naimbento sa panahon ng Sung: *gunpowder*, *wheelbarrow*, *movable printing*.

**Yuan (1280-1367 A.D.)**

- Mga dayuhan ang mga Mongol. Sila amg kauna-unahang dayuhan na naghari sa Tsina. Sinimulan ni Gengis Khan ang pagsalakay sa hilagang bahagi ng Tsina noong 1205 hanggang sa masakop niya ito noong 1227. Ito ang naging simula at pundasyon ng pinakamalaking imperyongnaitatag sa buong mundo. Si Kublai Khan, ang kanyang apo, ang nagpatuloy sa kanyang nasimulan hanggang sa masakopniya ang mga lupain ng mga Sung sa timog. Itinatag ni Kublai noong 1260 ang dinastiyang Yuan, na nangangahulugang “Unang Simula” at kinilala bilang Great Khan.
- Malaki ang pagkakaiba ng mga Mongol sa mga Tsino. Iba ang kanilang kultura, wika, at mga kaugalian. Hindi nila inangkop ang kulturang Tsino bilang isang paraan ng pagkontrol sa mga ito.

**Pamahalaan**

- Hindi binago ang sistema at balangkas ng pamahalaan. Pinanatili ang anim na dibisyon sa ilalim ng anim na ministro, gayundin ang ehekutibo, militar, at administratibong sangay ng pamahalaan. Gayunpaman, pawang mga Mongol

| |
|---|
| ang itinalagang mga opisyal sa mga ito. Yaong mga mababang posisyon lamang ang ibinigay sa mga Tsino.<br>➢ Iba ang mga batas ang kanilang sinunod kaysa mga batas na ipinatupad nila sa buong bansa.<br>➢ Naging bukas ang mga Mongol sa pakikipag-ugnayan sa mga taga-Kanluran tulad ng mga mangangalakal na Europeo at mga misyonerong Kristiyano. Patunay nito ay ang pagdating at pananatili sa bansa ni Marco Polo at ang kanyang tiyo na si Maffeo Polo. |
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ Hiwalay ang panahanan ng mga Mongol sa mga Tsino.<br>➢ Inangkop at itinaguyod ang ideolohiyang *Confucian* sa buong imperyo.<br>➢ Kilala bilang Ginintuang Panahon ng dulang Tsino.<br>➢ Malaking pagbabago sa pagpipinta at naging aktibo sa Tibetan Buddhism. |
| **Ekonomiya**<br>➢ Ipinagpatuloy ang mga industriya ng agrikultura at kalakalan at inobasyon na sinimulan ng T'ang at Sung.<br>➢ Malawakang paggamit ng papel na pera sa halip na ginto, pilak, at tanso. |
| **Sanhi ng Pagbagsak**<br>➢ Kawalan ng pondo dahil na rin sa lubhang magastos na digmaang kinasangkutan ni Kublai Khan.<br>➢ Hindi nakalimutan ng mga Tsino na dayuhan ang mga Mongol. Noong 1368, pinangunahan ni Chu Yu-chang, isang mongheng Budista, ang isang pag-aalsa at pinatalsik ai Shun Ti, ang huling haring Mongol. |
| **Ambag sa Kabihasnan**<br>➢ Sa lawak ng sakop ng imperyo, naging madali ang pakikipagpalitan ng mga ideya at imbensyon sa pagitan ng Tsina, Europa, at ibang bahagi ng Asya. |

| **Ming (1368-1643 A.D.)** |
|---|
| ➢ Si Chu Yu-chang ang nagtatag ng dinastiyang Ming at kinikilala bilang Emperador Hung Wu o Hung-wu. Matapos ang 74 taong pamamahala ng mga |

| |
|---|
| dayuhan, ninais ni Hung Wu na ibalik sa tradisyong Tsino ang estado. |
| **Pamahalaan**<br>➢ Ibinatay sa tradisyong T'ang at Sung ang organisasyon ng pamahalaan.<br>➢ Ibinalik at pinag-ibayo ang pagsusulit para sa serbisyo sibil sa pagpili ng mga opisyal ng pamahalaan. Nilimita lamang sa kaalaman tungkol sa ideolohiyang Confucian ang paksa sa pagsusulit.<br>➢ Itinuring na kasalanan ang hindi pag-uulat agad ng mga opisyal tungkol sa mga kalamidad sa kanilang lugar. May karampatang kaparusahan ang paglabag na ito. |
| **Lipunan at Kultura**<br>➢ Hindi katuyad ng mga klasiko ang panitikang nasulat sa panahong ito. Ngunit ang mga nobelang nalathala ay tinangkilik ng mga ordianryong tao at ng mga iskolar. |
| **Ekonomiya**<br>➢ Pinaigting ang pakikipagkalakalan sa ibang bansa, tulad ng India, Arabia, at Aprica sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga ekspedisyon.<br>➢ Pinag-ibayo ang paggawa ng mga mamahalin at pinong porselana na naging pangunahing kalakal sa pandaigdigang kalakalan. |
| **Sanhi ng Pagbagsak**<br>➢ Pagtulong sa Korea laban sa pananalakay ng mga Hapones noong 1590. Isa ito sa mga dahilan ng paghina ng depensa ng dinastiya.<br>➢ Ang kaguluhan at rebelyon sa loob ng imperyo ay nagpadali sa paglusob ng mga Manchu mula sa hilaga.<br>➢ Itinatag ang mga tanggapan na nagbigay ng balanse sa pamamalakad ng pamahalaan.<br>***a. Imperial Secretariat*** – tagapagbuo ngmga patakaran ng imperyo<br>***b. Imperial Chancellor*** – tagasuri ng mga patakarang binuo ng Imperial Secretariat<br>***c. Department of State Affairs*** – tagapagpatupad ng mga patakarang sinang-ayunan ng una at ikalawang tanggapan<br>***d. Board of Censors*** – taga-ulat sa emperador ng mga taong hinihinalang taksil sa pamahalaan. Iniuulat din dito ang mga katiwalian ng mga emperador. |

- May pakikipag-ugnayan sa Persia, Arabia, at iba pang bansa sa Kanlurang Asya, gayundin sa Timog-Silangang Asya tulad ng Annam (Vietnam ngayon).

**Lipunan at Kultura**

- Higit na pinasigla ang kaisipang iskolar dulot na rin ng pagkakaimbento ng imprenta.
- Nalimbag ang unang aklat at diyaryo sa panahong itona nakapagpaibayo sa edukasyon at pagsusulit para sa serbisyo sibil. Nilinang din ang panitikan at sining.
- Lumitaw si Li Po, Tu Fu, at iba pang dakilang manunula.
- Nagkaroon din ng kalipunan ng mga batas.

**Sanhi ng Pagbagsak**

- Katulad ng mga salik ng pagbagsak ng dinastiyang Han.

**Ambag sa Kabihasnan**

- Unang imprenta na yari sa bloke ng kahoy. Nauna itong naimbento kaysa imprenta sa Europa.


**Sung (960-1278 A.D.)**

- Kaguluhan ang naghari sa Tsina matapos bumagsak ang dinastiyang T'ang. Walang malakas na pinuno ang pumalit sa trono kung kaya't nailuklok ang limang magkakasunod na dinastiya na naghari sa Tsina sa loob ng kalahating dantaon. Sa kabila ng kaguluhan at kawalan ng kontrol sa pamahalaan ng limang dinastiya, nagpatuloy ang kulturang Tsino.
- Nagwakas ang paghahari ng limang dinastiya noong 960 B.C. nang talunin ni K'uang-yin. Siya ang nagtatag ng dinastiyang Sung na muling nagbuklod sa buong Tsina. Kinilala siya sa kasaysayan bilang T'ai Tzu.

**Pamahalaan**

- Higit na sentralisado ang pamahalaan kaysa panahon ng T'ang.
- Higit na may direktang kontrol sa pangungulekta ng buwis kung kaya't malaki ang kita ng pamahalaan at hindi naging suliranin ang pondo para sa mga proyekto nito.

| |
|---|
| - Pinagtibay ang Chin-Shin o ang pagsusulit sa serbisyo sibil at ibinigay ito tuwing ikatlong taon.<br>- Ibinatay ang pag-angat sa puwesto ng mga opisyal ng pamahalaan sa haba ng serbisyo, kagalingan, markang nakuha sa Chin-Shin, at nominasyon ng isang mataas na opisyal ng pamahalaan.<br>- Mabisa ang sistema ng serbisyo sibil ng Sung. Nahikayat nito ang mag bata, mahusay, at matalinong mamamayan na manilbihan sa pamahalaan. Dahil dito, napaalis ang mga kawani ng militar at mga walang alam na nasa pamahalaan. |
| **Lipunan at Kultura**<br>- Higit na pinag-ibayo ang panitikan, sining, at edukasyon.<br>- Naimbento ang gunpowder na ginamit sa paggawa ng mga paputok.<br>- Naimbento rin ang movable printing na higit na nagpasigla sa panitikan, sining, at edukasyon.<br>- Nagawa ang kalendaryo at kompas.<br>- Umabot sa 10 milyon ang populasyon ng Tsina sa panahong ito. |



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ilagay sa talahanayan ang iba't ibang dinastiyang Tsino at ang kanilang naiambag sa sinaunang sibilisasyon.

| Mga Dinastiya | Taon | Mga Ambag sa Kabihasnan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



**Tandaan Mo!**

- Malawak ang Tsina at tinagurian itong bansa ng mga ilog at kabundukan na siyang pangunahing dahilan ng pagkakaiba-iba ng mga Tsino. Sa ilog-lambak nito, lalo na ang makasaysayang Huang Ho sa hilaga at ang ilog Yangtze umusbong ang sinaunang kabihasnan ng mga Tsino.
- Umusbong ang pilosopiyang Tsino sa panahon ng Dinastiyang Chou. Pangunahing pantas na kinilala sina Confucius, Lao-Tze, Mencius, at Mo Tzu.
- Sa mga ambag ng sinaunang kabihasnang Tsino, nangunguna ang *Great Wall of China*, sistema ng irigasyon, serbisyo sibil, pilosopiyang *Confucianism* at *Taoism*, ang sistema ng *sericulture* at seda, agrikultura, literatura, at istruktura ng pamahalaang imperyo.
- Masasabi na pinakapundasyon ng sinaunang kabihasnan ang dinastiyang Shang at Chou. Dito nalinang ang kultura ng mga Tsino. Sa Shang pinanday ang kanilang kaisipan. Nahubog ng Confucianismo at Taosimo ang katauhan ng mga Tsino. Tinangka itong burahin ng dinastiyang Ch'in subalit nag-ugat na ito nang malalim sa mga Tsino at walang sinumang makabubura nito sa kanilang pagkatao. Hindi na mabibilang ang mga sumunod na dinastiya, subalit naging pamantayan nito ang mga naunang dinastiya.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ipaliwanag mo ang mga kasabihang ito mula sa mga pilosopong Tsino. Paano mo ito maiuugnay sa iyong pakikipagkapwa-tao?

1. "Kapag nakakita ka ng mabuting tao, tularan mo siya; kapag masamang tao, suriin mo ang iyong puso." -Confucius
2. "Ang taong nasusupil ang iba ay matapang, subalit ang taong nasusupil ang sarili ay higit na matapang." -Lao Tzu



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang mga sinaunang kabihasnan ang nagsilbing pundasyon ng kasalukuyang kabihasnan ng daigdig.
- Nasa *Fertile Crescent* o Mesopotamia ang mga pangunahing sinaunang kabihasnan. Binubuo ito ng mga Sumerian, Hittite, Hebreo, Phoenician, Babylonian, Persiano, Assyrian, at Chaldean.
- Pangunahing ambag ng Sumerian ang pagtatag ng mga lungsod-estado; mula sa mga Babylonian, ang kodigo ng mga batas; Bibliya at pagsamba sa isang Diyos o *monotheism* mula sa mga Hebreo; Zoroastrianismo mula sa mga Persiano; alpabeto mula sa mga Phoenician; at mula sa mga Chaldean, ang *Hanging Garden*.
- Unang naitatag ang kabihasnang ng India sa mga kambal na lungsod ng Mohenjo-Daro at Harappa na nasa lambak ng Ilog Indus.
- Nagsimula ang kabihasnan ng Ehipto sa lambak ng Ilog *Nile* na kung tawagin ay *Nile Delta*.
- Unang naitatag ang kabihasnan ng Tsina sa mga lambak ng Ilog Huang-ho o *Yellow River* at Ilog Yangtze.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

Suriin at ibigay ang tamang kasagutan. Bilugan ang titik.

1. Ang nagsimula ng Budismo.
   A. Buddha
   B. Athesia
   C. Taoism
   D. Shintoism

2. Ang sumulat ng Encyclopedia sa Medisina.
   A. Khufu
   B. Hammurabi
   C. Charaka
   D. Buddha

3. Ang dakilang guro ng Tsina.
   A. Confucius
   B. Shih Huang-ti
   C. Tai Tsung
   D. Ming Huang

4. Ang emperor ng Tsina na nagpatayo ng Great Wall.
   A. Confucius
   B. Wu Wang
   C. Shih Huang-ti
   D. Lao Tzu

5. Ang paraon ng Ehipto na nagpatayo ng Pyramid of Giza.
   A. Minos
   B. Khufu
   C. Ashurbanipal
   D. Nebuchadnezzar

6. Ang haring nagdala sa Chaldea sa rurok ng tagumpay.
   A. Ashurbanipal
   B. Minos
   C. Nebuchadnezzar
   D. Charaka

7. Ang kilala bilang *traders of antiquity*.
   A. Babylonian
   B. Assyrian
   C. Sumerian
   D. Phoenician

8. Sa mga sinaunang hari ng Babylonia, kilala si Hammurabi dahil sa:

A. Kodigo ng mga Batas
B. Sampung Utos
C. Nihonji
D. Old Testament

9. Dahil sa malupit at mapanlupig ang mga Assyrian, tinagurian ang kanilang punong-lungsod bilang:

A. Salot ng mga bansa
B. Salot ng mga lungsod
C. Salot ng mundo
D. Salot ng sangkatauhan

10. Ang grupo ng taong pinaniniwalaang unang nanirahan sa India at nagtatag ng Mohenjo-Daro at Harrapa.

A. Dravidian
B. Lugar
C. Shiite
D. Hittite

11. Ang tinaguriang kambal na ilog:

A. Tigris at Euphrates
B. Golpo ng Delta
C. Ilog-lambak
D. Ilog Tigris

12. Ang tinaguriang lupain sa pagitan ng dalawang ilog:

A. Babylonia
B. Assyria
C. Chaldea
D. Mesopotamia

13. Ang ginamit bilang unang pamalit ng kalakal sa Sumeria.

A. abaka
B. cacao
C. kape
D. buko

14. Ang bansang luminang ng konsepto ng *zodiac sign* at *horoscope*.

A. Sumeria
B. Babylonia
C. Hittite
D. Chaldea

15. Ang ambag sa sibilisasyon ng Imperyong Gupta na gintong barya na inuukitan ng tula at iba pang disenyo.

A. Dinar
B. Peso
C. Dolyar
D. Decimal

16. Unang dayuhang permanenteng nanirahan sa Tsina:

A. Hsia
B. Chou
C. Shang
D. Ch'in

17. Ang dinastiyang itinatag ni Emperor Yu sa may lambak ng Huang Ho.

A. Chou
B. Shang
C. Ch'in
D. Hsia

18. May akda ng *Doctrine of the Mean*, naniniwalang may karapatan ang mga mamamayang gumamit ng dahas ngunit dapat sikaping mapanatili ang kapayapaan.

A. Lao Tzu
B. Mencius
C. Confucius
D. Mo Tzu

19. Sino ang nagsimula ng pagsalakay sa hilagang bahagi ng Tsina noong 1205?

A. Gengis Khan
B. Huang Wu
C. Lao Tzu
D. Kublai Khan

20. Ang nagtatag ng Dinastiyang Yuan na nangangahulugang "Unang Simula".

A. Gengis Khan
B. Huang Wu
C. Lao Tzu
D. Kublai Khan



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. A | 6. A | 11. A | 16. A |
| 2. B | 7. A | 12. B | 17. C |
| 3. C | 8. D | 13. C | 18. A |
| 4. D | 9. D | 14. D | 19. C |
| 5. B | 10. D | 15. C | 20. D |

**ARALIN 1: MGA UNANG KABIHASNAN SA MESOPOTAMIA**

**GAWAIN 1: PAG-ISIPAN M**

I. Ang sagot ay batay sa iyong kaalaman. Ipatsek sa gurong tagapamatnubay ang iyong sagot.

II. Ang mga unang kabihasnan ay malapit sa anyong-tubig (dagat o ilog). Mahalaga ang tubig sa kanila, maaaring ginagamit na sistema ng transportasyon at pinanggagalingan ng pang-araw-araw na pangangailangan.

**GAWAIN 2: PAGPAPALALIM NG KAALAMAN**

1. Mesopotamia. Ito ay hugis kalahating buwan.

2. Tigris at Euphrates. Tinawag itong lambak ba ilog dahil nagsisimula ito nang nag-iisa ngunit pagdating sa ibaba ay maayos nang naghihiwalay ngunit muling nagtatagpo palabas ng Golpo ng Persia.

**GAWAIN 3: PAGLALAPAT**

Tingnan sa sumusunod na talahanayan ang mga sagot na dapat ilagay sa gulong.

| Kabihasnan | Dahilan ng Pag-unlad | Dahilan ng Pagbagsak |
|---|---|---|
| 1. Sumerian | ➢ Unibersyon<br>➢ Pagtatatag ng mga lungsod-estado<br>➢ Edukasyon | ➢ Madalas na labanan<br>➢ Kawalan ng pagkakaisa |
| 2. Babylonian | ➢ Maayos na pamamahala<br>➢ Pakikipagtulungan ng mga tao at opisyal sa pamahalaan<br>➢ Kodigo ni Hammurabi | ➢ Paglusob ng ibang pangkat ng tao na may mahuhusay na armas |
| 3. Hittite | ➢ Pagkatuklas sa bakal<br>➢ Sistema ng pagbabatas | ➢ Pang-aabuso ng mga kamag-anak ng hari<br>➢ Pakikipag-alyansa sa Ehipto<br>➢ Paglawak ng kapangyarihan ng mga Griyego |
| 4. Assyrian | | ➢ Patuloy na pag-aalsa<br>➢ Pagsalakay ng Chaldean, Medes, at Persian |
| 5. Chaldean | ➢ Mabuting pinuno<br>➢ Pagpili ng matatalinong | |

| | | |
|---|---|---|
| | kabataan bilang katulong sa pamamahala | |

**ARALIN 2: KABIHASNAN SA SINAUNANG EHIPTO**

**GAWAIN 1: PAG-ISIPAN MO**

Ang Ilog Pasig noon ay pangunahing landas ng transportasyon kaya't sentro rin ng kalakalan. Ang mga ilog ay mahalaga sa pagyabong mga kabihasnan dahil sa tubig na dulot nito sa pagtaba ng lupain at pananim at pagdudulot ng transportasyon at mapagkukunan ng pagkain.

Dahil sa Ilog Nile, nalinang ang kabihasnan sa Ehipto. Kung wala ang ilog, walang magdadala ng matabang lupang banlik sa mga lambak. Maaaring naging bahagi ng disyerto Sahara ang bansa kung walang ilog dahil magiging tigang ang lupa.

**GAWAIN 2: PAGPAPALALIM NG KAALAMAN**

| Kaharian | Pinuno | Mga Nagawa |
|---|---|---|
| 1. Lumang Kaharian | a. Zoser | ➢ *Step-pyramid* – kauna-unahang piramide sa Ehipto |
| | b. Khufu o Cheops | ➢ *Great Pyramid of Giza* |
| | c. Unis | ➢ Nakatuklas sa *Pyramid Texts* o *hieroglyphics* |
| 2. Gitnang Kaharian | a. Amenemhet I | ➢ Binuhay ang pakikipagkalakalan sa Syria at Palestina |
| | b. Amenemhet III | ➢ Nagpagawa ng sistema ng irigasyon |

| | | |
|---|---|---|
| 3. Bagong Kaharian | a. Ahmose | ➢ Nagtatag ng kauna-unahang magaling na hukbong pandigma |
| | b. Thutmose II | ➢ Idinagdag sa imperyo ang Nubia, Syria, at Palestina |
| | c. Hatshepsut | ➢ Unang babaeng namuno sa daigdig |
| | d. Thutmose III | ➢ Nagpatayo ng magagarang templo at *obelisk* |
| | e. Amenhotep IV o Ikhnaton | ➢ Nagpasimula ng monoteismo |
| | f. Tutankhamen | ➢ Ibinalik ang polyteismo |
| | g. Rameses II | ➢ Ipinagtanggol ang imperyo laban sa *Hittites*; Nagtayo ng maraming monumento niya |

**GAWAIN 3: PAGLALAPAT**


1. Pangunahing dahilan ng pagbagsak ng kaharian: pagsalakay ng mga mananakop at ang pag-aalsa ng mga tao sa kaharian.
2. Ang sagot ay sarili mong opinion. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang sagot.

**ARALIN 3: KABIHASNAN SA SINAUNANG INDIA**

**GAWAIN1: PAG-ISIPAN MO**

Ipakita ang iyong sagot sa gurong tagapamahala.

**GAWAIN 2: PAGPAPALALIM NG KAALAMAN**




**GAWAIN 3: PAGLALAPAT**

Mahuhusay ang mga taga-India sa matematika kaya magaling din sila sa negosyo. Sa kanila nanggaling ang *decimal system*, ang *pi*, simbolong *zero*, at bilang 1 hanggang 9.

**ARALIN 4: KABIHASNAN SA SINAUNANG TSINA**

**GAWAIN 1: PAG-ISIPAN MO**

Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong sagot.

**GAWAIN 2: PAGPAPALALIM NG KAALAMAN**

| Mga Dinastiya | Taon | Mga Ambag sa Kabihasnan |
|---|---|---|
| 1. Hsia | 200-1600 BC | Paggawa ng kalendaryo |
| 2. Shang | 1700-1200 BC | *Calligraphy*, tanso, elepante bilang transportasyon, sistemang irigasyon, at pag-imbento ng kalendaryong lunar |

| | | |
|---|---|---|
| 3. Chou | 1122-256 BC | Pilosopiyang *Confucianism* at *Taoism* at pagtatayo ng *Great Wall of China* |
| 4. Han | 206-219 BC | Pag-imbento ng papel at leksikon o diksyunaryo |
| 5. Sui | 581-618 AD | K'aihuang Code |
| 6. T'ang | 618-906 AD | *Gunpowder*, *wheelbarrow*, at *movable printing* |
| 7. Yuan | 1280-1367 AD | Pakikipag-ugnayan sa Europa at Asya |
| 8. Ming | 1368-1643 AD | Unang imprenta na yari sa bloke ng kahoy |
| 9. Sung | 960-1278 AD | Kalendaryo at kompas |

**GAWAIN 3: PAGLALAPAT**

Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong paliwanag sa dalawang kasabihan. Batay ito sa iyong sariling opinyon.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

1. A
2. C
3. A
4. C
5. B
6. C
7. D
8. A
9. B
10. B
11. A
12. D
13. B
14. D
15. A
16. C
17. D
18. B
19. A
20. D